FAQ FAQ FAQ

# Mga Kalimitang Katanungan Tungkol sa "DOLE-AKAP for OFWs" o Tulong-Pinansyal para sa OFWs sa Bahrain

**POLO-Bahrain**

11 April 2020



**Ano po ang "DOLE-AKAP for OFWs?" Lahat po ba ng OFW ay maaaring magbenefit dito?**

**Ang "DOLE-AKAP for OFWs" ay minsanang tulong-pinansyal ng Pamahalaan ng Pilipinas na nagkakahalaga ng USD 200.00 o BD 75.000. Ito ay para lamang sa mga OFWs na natanggal o nawalan ng trabaho at pagkakakitaan dulot ng epidemya ng COVID-19, kasalukuyang nasa Bahrain at walang natanggap na tulong pinansyal mula sa Pamahalaan ng Bahrain o sa kanilang mga employers o kompanya.**



**Anu-ano po ang mga requirements o dokumentong kakailanganin sa pag-apply sa tulong-pinansyal na ito?**

**Sa inyong pag-apply online, kailangang ihanda ang mga sumusunod dahil kailangan itong ma-upload sa system:**

1. Nasagutan na application form
2. Kopya ng passport
3. Kopya ng visa/ residence permit
4. Katibayan na kayo ay natanggal sa trabaho dahil sa COVID-19



Kami ay nagbabayad at miembro ng OWWA kaya hindi ba nararapat lamang na kasali din kami sa maaabutan ng tulong-pinansyal na ito?

Ang tulong-pinansyal na ito ay hindi nanggaling sa pondo ng OWWA.  Galing ito sa supplemental budget na inaprubahan ng Kongreso kung saan ang DOLE ay nabigyan ng pondo para sa mga OFWs na nawalan ng trabaho at hindi batay sa pagkakasapi sa OWWA.



**Kung natanggal po ako sa trabaho sa ibang kadahilanang maliban sa COVID-19 o kaya ay ako ay nag-resign dahil sa hindi magandang kondisyon sa paggawa sa kompanya namin ay kasama po ba ako sa programa?**

**Malinaw po sa alituntunin ng DOLE-AKAP for OFWs na ang tulong-pinansyal na ito ay para lamang sa mga nawalan o natanggal sa trabaho dahil sa epekto ng COVID-19 sa ekonomiya at pangkalahatang sitwasyon sa pangangalakal ng bansang Bahrain. Kung kayo ay nagbitiw sa trabaho at may suliranin patungkol sa kondisyon ninyo sa trabaho ay tutulungan namin kayong idulog ito sa Ministry of Labor ng Bahrain.**




Nag-resign po ako sa trabaho at may lilipatan po sana akong bagong kompanya.  Pero dahil sa COVID-19 ay inabisuhan ako ng kompanyang kukuha sana sa akin na ipagpaliban muna ang pagkuha sa akin. Kwalipikado po ba ako para sa programa?

Bagama't maari kayong mag-apply at ipasa ang mga kailangang requirements, walang kasiguraduhan na mapapasama kayo sa mabibigyan ng tulong-pinansyal. Susuriin ng POLO ang inyong kasalukuyang kalagayan at rason ng pag-alis sa dating trabaho at dito magbabatay kung mapapasama kayo sa listahan ng matutulungan.



Online lang po ba ang pag-apply sa tulong-pinansyal na ito? Hindi po ba puwedeng dalhin na lang namin sa opisina ng POLO? Paano kaming walang kaalaman sa internet?

Ang pag-apply ay online dahil iniiwasan natin ang person-to-person contact upang maiwasan ang paglaganap ng virus. Hindi natin pinapahintulutan ang aktwal na pagdadala ng application at dokumento sa opisina ng POLO dahil sa ganitong panganib. Sa mga walang kaalaman sa social media ay maaari pong magpatulong sa mga kaibigan o kakilala o kaya ay tumawag sa POLO hotline 38072476 upang kayo ay magabayan.



Lahat ba ng natanggal sa trabaho dahil sa COVID-19 ay sigurado ng makakatanggap ng ayuda?

Dahil limitado lamang ang pondo na naibigay para sa OFWs sa buong mundo ay maaaring hindi lahat, kahit kwalipikado, ay mabibigyan ng ayuda dito sa Bahrain o kahit sa mga kalapit nating bansa.



Kung iisa kaming kompanya at lahat kami ay natanggal, lahat ba kami ay makakatanggap ng tulong-pinansyal?

Ang pag-apply ay personal. Bawat isang OFW ay kailangang mag-apply online at kailangang makapagpasa ng mga akmang dokumento o hinihinging requirements. Kaya kahit kabilang sa iisang kompanya na nagtanggal ng manggagawa ay hindi batayan kung mapapabilang sa mga tatanggap ng tulong-pinansyal.



**Kasama po ba sa matutulungan ang mga Domestic Workers?**

**Kung kayo ay tinanggal sa trabaho ninyo dahil sa COVID-19 at hanggang sa kasalukuyan ay wala pa kayong nalipatang amo ay saklaw po kayo ng tulong-pinansyal na ito. Pero kailangan ding matupad ninyo ang lahat ng requirements na hinihingi bago kayo mabigyan.**



**Ang mga Flexi-visa holders po ba ay kasama?**

Kung nagkaroon po kayo ng regular na employer at may nilagdaan kayong employment contract at kayo ay tinanggal na sa trabaho dahil sa COVID-19, maaari po kayong mapabilang sa mga makakatanggap ng tulong pinansyal. Ang inyong online application at mga requirements na ipinasa ninyo ay susuriin at kung kwalipikado ay mapapabilang kayo sa mga matutulungan.




Paano naman po kami na nakakaranas ng No-Work-No-Pay, Forced Leave without Pay, reduced work days or salary?

Kami sa POLO ay tagapagpatupad lamang ng programa at may mga alituntuning sinusunod. Ang lahat ng mga comments ninyo at kalagayan bilang OFWs ay ipapaabot namin sa Punong-tanggapan ng DOLE. Pansamantala ay puwedeng mag-apply online at ipasa ang mga kinakailangang requirements bilang paghahanda sa anumang maaaring pagbabago sa mga alintuntunin ng tulong-pinansyal o “DOLE-AKAP for OFWs”.




**Nahihirapan po akong makapasok sa link at hindi ako makapag-upload ng files. Ano po ang gagawin ko?**

**Para sa katanungang teknikal o patungkol sa computer operations, makipag-ugnayan sa POLO hotline 38072476 at para sa iba pang katanungang may kinalaman sa "DOLE-AKAP for OFWs", mag-email sa bahraincovidassistance@gmail.com.**